

1

Makulimlim ang langit nang hapong iyon. Ayon sa *PAGASA* ay nakatakdang dumating ang tropical typhoon na si *Luna* sa lalawigan ng Quezon. Pero inilabas pa rin ni Ayen ang kanyang scooter. Pupunta siya ng bayan para maghatid ng cookies sa kanilang bakery.

“Ayen.” Si Lolo Bacio ang tumawag sa kanya mula sa loob ng garahe. “Kung uuwi ka ng bayan, d’un ka na magpalipas ng gabi.”

She glanced at her grandfather. Larawan ang lalaki ng pag-aalala. Sixty-five years old na si Lolo Bacio. Karaniwang maaliwalas ang mukha nito na siyang nagpapamukhang bata rito. But at that moment, he looked really old.

“Lolo, don’t worry. Madali lang po ako. In demand na kasi ang mga cookies ko sa bayan at may mga bibilhin din ako sa grocery. Wala na po tayong mga kandila at mga de-lata. Wala na rin po kayong pang-maintenance, kaya daraan din ako sa botika. Gusto kong ready tayo sakaling lumakas ang bagyo.”

“Talagang malakas ang bagyo, apo. May mga

emergency lights naman tayo at may pagkain pa d'yan. May mga gamot pa rin naman ako. Huwag ka nang pumunta sa bayan. I-text mo na lang ang Tita Aina mo na bukas ka na dadalaw.”

Ayen was grateful for her lolo's concern. Pero ini-start pa rin niya ang scooter. Matapos ilagay sa basket ng sasakyan ang isang supot ng kanyang mga special cookies ay isinuot na niya ang helmet.

“Promise, Lolo, babalik po ako kaagad. Maaga pa naman po. Alas dos pa lang ng hapon.” Nagmano siya sa Lolo Bacio niya. “Bago dumating si Bagyong Luna ay narito na uli ako... safe sa bahay natin.”

Sinulyapan ng matanda ang suot niyang jacket at jeans. Gusto sana niyang mag-T-shirt at shorts na lang. Pero alam niyang hindi siya paaalisin ng abuelo sa ganoong gayak kaya ibinalot na kaagad niya ang sarili.

“O, sige,” anito. “Ingat ka na lang sa pagmotor, apo. Ingat ka sa tulay at sa bahay ng mga Mattsdoter.”

Napatawa si Ayen. Tunay na mapanganib ang tulay na daraanan niya. Pero ang bahay ng mga Mattsdoter? *Hmm.*

“Yes po.” Matapos hagkan si Lolo Bacio sa pisngi

ay pinaharurot na ng dalaga paalis ang kanyang scooter.

Ayen couldn't blame her grandfather for worrying for her. Namatay kasi sa motorcycle accident ang kanyang mga magulang. Sadyang aksidente ang nangyari. It was a tragedy. Maingat magmotor ang tatay niya. Hindi ito umiinom. Unfortunately, ang nakabangga sa mga magulang ang nakakainom ng alak.

Seven years old si Ayen nang maulila. Hindi naman siya napag-isa. For the next sixteen years, Lolo Bacio, Lola Melba, Tita Aina, and Tito Ryan became her family. Dumanas siya ng pagmamahal mula sa mga taong minahal din niya nang lubos. Unfortunately, her Lola Melba passed away last year. Naging balo na ang Lolo Bacio niya.

May fifteen minutes na siyang nagbibiyahe nang matanaw ni Ayen ang *Arkong-bakal*, ang pamosong tulay sa bayan ng San Luis. Awtomatikong sumagi sa isipan niya ang paalala ni Lolo Bacio. Binagalan niya ang pagpapatakbo ng scooter.

May forty yards ang haba ng tulay at sa ilalim nito ay isang ilog. Ang kalumaan ng tulay ang ipinag-

aalala ng kanyang abuelo. Magagaang na sasakyan lamang ang puwedeng dumaan doon. Kahit gawa sa bakal ang tulay, may mga bahagi itong nakakatakot nang daanan. Nakatakda naman itong ipaayos ng kanilang local government officials. Pero sa susunod na taon pa ang bulung-bulungang pagpapagawa niyon.

Maluwalhating nakalampas si Ayen sa tulay. Nasanay na rin kasi siya. Araw-araw ba naman siyang tumatawid doon. Pinaharurot niyang muli ang kanyang scooter. Natanaw niya ang malaking bahay ng mga Mattsdoter.

Isang mansyon ang bahay ng mayamang pamilya. May apat itong palapag at floor area na may four thousand eight hundred square meters ang lawak. Kahit mukha iyong laging bago at alaga sa linis at pintura, bakasyunan lamang iyon ng mga may-ari.

Filipino-Irish ang nagmamay-ari sa bahay. Sa Maynila nakatira ang mga Mattsdoter dahil naroon ang mga negosyo ng pamilya. Bukod sa ilang branch ng mga class na restaurants, owner din ng *Everbelle* si Art Mattsdoter, ang padre de pamilya. Ang *Everbelle* ay isang local cosmetics company sa Pilipinas. Dinig ni Ayen ay ang panganay na anak ng mga Mattsdoter ang kasalukuyang nagpapatakbo sa

malaking kompanya.

Ilang tao lang sa San Luis ang nakakakilala sa mga Mattsdoter. Tuwing bakasyon o may okasyon lamang nila nakikita ang isa o dalawa sa mga miyembro ng pamilya nito. Dinig ni Ayen ay mababait naman ang mga iyon. Si Art ay madali raw lapitan. Isang beses pa nga ay nag-donate ito ng malaking pera sa kanilang simbahan na nasira ng bagyo noong nagdaang taon.

Ang Lolo Bacio lamang ni Ayen ang hindi bilib sa mayamang pamilya. Ang sabi nito, mga mangkukulam daw ang mga Mattsdoter!

Napakuno't-noo ang dalaga nang malapit na siya sa pinaka-gate ng bahay. May limang kotse at ilang mga tao siyang nakita sa loob. Binagalan niya ang takbo ng scooter para makapag-usisa.

Anim hanggang sampung katao ang tila papaalis, pasakay sa mga sasakyan sa loob ng compound. Pihadong may naging okasyon ang mansion. Ano kaya iyon? Birthday party?

Noon nilingon si Ayen ng isang magandang babae na tila kaedad lamang niya. Halos kasing-tangkad din niya ang babae sa height niyang 5'4". Pero kumpara sa kanyang morenang kutis, napakaputi nito. Mukhang

younger version ito ng isang sikat na singer at napaka-elegante sa itim nitong bestida at mamahaling alahas. Natural, walang naging reaksyon ang babae nang makita siya.

Sino ba naman si Ayen Marie Terando para mapansin nito?

Sa puntong iyon, tumingin sa kanya ang lalaking katabi ng babaeng maputi. Isa itong Mattsdoter.

Kilala lamang ni Ayen sa mukha ang lalaki. Nakikita niya ito malimit sa bayan tuwing summer noong bata pa ito. Hindi na ito bata ngayon. Sa wari niya ay nasa late twenty's na ang edad ng lalaki.

Palibhasa'y may halong banyaga ang pagka-Pinoy, matangkad at mestiso ang mga Mattsdoter. Ang mga mata ng pamilya ng mga ito ay agaw-pansin din. Brown kasi ang kulay.

Aminado si Ayen na napakaguwapo ng tinitingnan niya. Pero, no! He is out of her league. Hindi papansinin ng tipo nito ang isang probinsyanang katulad niya.

Pinaharurot ni Ayen ang kanyang scooter papalayo.

“Ayen Marie!” Hindi niya mawari kung galit o natutuwa ang mukha ng kanyang Tita Aina. “Bakit ka pa umuwi rito? May bagyo na!”

Pagkababa sa scooter ay hinaplos niya ang maumbok na tiyan ng babae.

Si Tita Aina ay younger sister ng nasira niyang ina. Six months pregnant sa unang baby nito na first cousin niya rin. Nito lamang pinalad na magbuntis ang tiyahin sa itinagal na pag-aasawa.

“Hello, baby. Kumusta?” nakangiting bati ni Ayen sa hindi pa isinisilang na pinsan. Hinagkan niya ang tiyan ng kanyang Tita Aina.

Napatawa si Tito Ryan sa kanyang ginawa. Nasa loob ng bakery ang tiyuhin. Kasama ang dalawang helper, nagbebenta ito ng tinapay sa ilang customer.

“Hi, Ate Ayen,” bati ng ginoo. “Dito ka ba matutulog?”

“Hindi po puwede, eh. Walang kasama si Lolo.” Iniabot niya ang special cookies kay Tita Aina na nakasimangot pa rin sa kanya. “Alam kong hinahanap na ng mga customers ang cookies ko.”

Matunog na hinagkan niya sa pisngi ang babae. “At na-miss ko na rin itong tita ko.”

Ngumiti na sa kanya ang ginang. “Bolera, narito ka araw-araw, miss kaagad? Pumasok ka na nga. Kumusta si Father dear?”

“Okay lang si Lolo,” pakli niya. “Pero alalang-alala siya sa akin, as always. Huwag ka rin namang masyadong mag-worry sa akin, Tita. Uuwi din naman ako kaagad.”

Mag-a-alas singko na rin ng hapon lumabas ng bayan si Ayen. Karaniwang maraming customers tuwing magbabagyo kaya tumulong muna siya sa kanilang bakery. Maigsi pa ang pila sa drugstore kaya nakabili kaagad siya ng mga gamot ng kanyang lolo. Sa grocery siya nagtagal. Kaya naman nang makalabas siya roon ay malakas na ang ulan.

Inisip ni Ayen na bumalik na lamang sa bakery para doon na magpalipas ng gabi pero ayaw niyang mapag-isa si Lolo Bacio. Dala ang mga pinamili sa basket ng scooter niya, sumugod siya sa malakas na ulan.

Malapit na siya sa mansyon ng mga Mattsdoter nang magsimulang umikot ang hangin. Nahintakutan na rin ang dalaga sa biglang pagdidilim ng paligid. Binilisan na niya ang pagpapatakbo ng scooter.

Basang-basa na siya ng ulan. Walang nagawa ang kanyang jacket laban sa ginaw. Sadyang malamig sa lugar nila, kaya ngayong bumabagyo, parang tubig na may yelo ang bumubuhos sa kanya.

Kukurap-kurap na ang ilaw ng scooter ni Ayen nang marating niya ang *Arkong-bakal*. Sinikap niyang maging maingat sa pagtawid sa tulay. Pero isang pagbagsak sa isang bahagi ng tulay ang nagpaigtad sa kanya. Halos paliparin niya ang scooter sa sobrang panic.

Sa gitna ng malakas na ulan, hangin, at dilim ng paligid ay dumulas ang scooter ni Ayen. Namihagis siya sa ere. Napatili ang dalaga. Ang boses niya ay nilamon ng ingay ng ulan at hangin. Bumagsak siya sa rumaragasang ilog sa ilalim ng tulay.

She tried to swim, but the current was too strong. Napakalamig din ng tubig. Nagsimulang manigas ang kanyang mga binti at bisig. Wala siyang nagawa nang tangayin siya ng agos. From a distance, she saw a flickering light. Sinubukan niyang humingi ng saklolo, pero pinasok lamang ng tubig ang kanyang bibig. At that point, she found herself gasping for air. Hindi siya makahinga. *God, ayaw pa niyang mamatay!*

At nagdilim na ang lahat para kay Ayen.

2

Someone pulled her out from the water. Yet everything was a blur. Habang umuungol ang hangin, patuloy pa rin ang pagbuhos ng ulan sa dilim. Ayen was in a dream-like state. Napaka-hazy ng tingin niya. Her skin was very cold but she was not shivering at all. Marahil ay dahil naging manhid na siya sa ginaw. Dalawang boses ang narinig niya—tinig ng isang naghiihisterikal na babae at ng isang lalaki.

Kumpara sa boses ng babae, kalmado ang sa huli. Napakalalim ng tinig nito, napakaganda. Na-imagine ni Ayen ang singer ng paborito niyang kanta. Napakasarap pakinggan ng boses ng lalaki.

Sinikap niyang mag-concentrate sa kalmadong tinig. Pero dinaig ito ng halos nagsusumigaw na babae. At that moment, she realized what happened to her. Ayen also remembered her Lolo Bacio. She started to cry.

Uwi na po ako. Nag-iisa po ang lolo ko! gustong sabihin ni Ayen. Pero tubig ang nailabas niya sa kanyang bibig.

“Oh, my God, buhay siya!” narinig ni Ayen na

sabi ng babae. Nabawasan ang paghihisterikal nito. Sa liwanag ng emergency light ay ang malaking pigura lamang nito ang rumehistro sa kanya.

“Good girl,” sabi ng lalaki.

Matapos alisin ang kanyang helmet pahubad sa kanyang ulo ay hinila siya nito paupo. Hinagod nito ang likod niya para iluwa pa niya ang tubig na nainom niya.

“Kailangan ko na pong umuwi. Ang lolo ko po ay nag-iisa sa amin.” Tinangka ni Ayen na tumayo. But her knees buckled as if she had no strength left in her body. She started to panic.

Napayakap siya sa rescuer niyang lalaki habang naiiyak. Gulung-gulo ang kanyang isipan.

“Relax. Magiging okay ang lahat.” Very soothing ang tinig nitong bumubulong sa kanya.

Sinikap ni Ayen na tingnan ito. But she felt drowsy all of the sudden. Nawalan na siya ng malay.

Nang muling magising si Ayen ay nasa loob siya ng isang malaking silid na nailawan ng maraming emergency light. She was soaking wet on a big bed. There were three people inside the room and the two

of them seemed to be fighting.

“We can’t take her anywhere, Lorcan!” Galit ang boses ng malaking babae. “Malakas pa ang bagyo at isang oras pa ang ibibiyahe natin patungong ospital. I can help her here!”

Na-recognize ni Ayen ang mga boses. Ang mga ito ang naringgan niyang nag-uusap noong malunod siya. Nakikipagtalo ang babae sa rescuer niyang lalaki. Lorcan pala ang pangalan ng huli.

“Basta gawin n’yo na lang ang iuutos ko. Please, hijo, hypothermic na siya. Masyado siyang nababad sa tubig. Kung wala pa tayong gagawin, baka mamatay siya!”

“Well then, okay!” Sa kabila ng pagpayag ay halatang iritado pa rin si Lorcan. Nawala na ang kalmadong boses nito. “Basta, Tita Lucille, promise me you won’t do anything foolish! Ate Flory, tulungan mo si Tita.”

Flory? Parang kilala ni Ayen ang pangalang iyon. Pero muling nagsimulang lumutang ang kanyang diwa. Nang muli niyang idilat ang mga mata ay hinuhubaran na siya ng mga basang damit. *What! Nakakahiya!*

Sa kabila ng pagkahilo, nanlaban si Ayen. Hindi

siya papayag na hubaran siya ng kung sino. *Christ, sino ba ang mga taong nasa paligid niya?* Alam niyang tinutulungan siya ng mga ito. Pero ayos na siya, kailangan lamang niyang matulog!

“She must be confused, epekto ng hypothermia. She doesn’t know what she’s doing.” Ang tinawag na ‘Tita Lucille’ ang nagsalita. “Lorcan, hijo, can you pin her down while Flory removes her clothing?”

Umiling si Ayen. Nagpumilit siyang tumayo, nawalan siya ng panimbang. Sa sahig na sana ang bagsak niya. Mabuti na lang mabilis ang tinawag na ‘Lorcan’ sa pagsapo sa kanya.

Naubos yata ang lakas niya dahil sa panlalaban. Nanghihinang nagpaubaya siya sa paghila ng pagod. Nakatulog uli si Ayen.

“Kailangan pa po ba na alisan siya ng damit?”

Nilingon ni Lorcan si Divine. Kabuntot nito ang kakambal na si Dwayne; kapatid niya ang dalawa.

“Can we just put blankets on her?” tanong naman ni Dwayne.

“Ayan na pala kayo, Dwayne at Divine. Akin na ang mga kumot.” Si Tita Lucille ang nagsalita.

Sumunod naman ang dalawa at itinulak na ng babae ang kambal palabas ng kuwarto. “Bumalik na kayo sa kuwarto n’yo. Bawal dito ang mga bata—”

“Tatangalan n’yo rin po ba siya ng bra at panty?”
Si Dwayne uli.

Inosente man ang tanong, binatang ito ni Divine. “Pakialam mo, pervert ka! Sumbong kaya kita kay Papa?”

“Eh, di isumbong mo, samahan pa kita!” ganting hamon ni Dwayne. “Nagtatanong lang naman. Bakit, masama bang magtanong?”

Binelatan ni Divine ang kakambal bilang tugon.

“Children!” Nasapo ni Tita Lucille ang ulo. Masakit na nga ang ulo nito dahil sa pagtatalo nila, dumagdag pa ang mga batang pamangkin. Likas na aso’t pusa sina Dwayne at Divine. Parang hindi kambal ang mga ito at walang pinagkasunduan!

Tiningnan si Lorcan ng tiyahin para tahimik na utusang sawayin niya ang mga kapatid. Pero sa kasambahay siya bumaling. “Ikaw na muna ang maging referee sa dalawang ‘yan, Ate Flory.”

Twenty years ang agwat ng edad ni Lorcan sa kambal kaya para na rin niyang mga anak ang dalawa.

Siya ang may pinakamahabang pasensya pagdating kina Dwayne at Divine. Pero sa pagkakataong iyon, hindi yata niya mapagbibigyan ang mga kapatid. Masakit na rin kasi ang ulo niya dahil kay Tita Lucille. Pakiramdam niya ay may gagawing kakaiba ang kanyang tiya.

“Kuya naman,” ungot ni Dwayne.

“Patulugin mo na ang dalawang ‘yan, please, Ate Flory?” matigas na utos ni Lorcan. Hindi niya tiningnan ang mga kapatid, ipinaramdam sa dalawa na seryoso siya. “Kung hindi sila susunod sa ‘yo, maiiwan sila rito. Ako na lamang ang babalik bukas sa Maynila.”

“Kuya naman, matutulog na nga...” Si Divine naman ang umangal.

Ayaw ng mga ito sa probinsya. Boring daw. Pero dahil sa engagement party ni Lorcan, walang nagawa ang kambal kundi ang sumama roon. Compulsory raw dahil buong pamilya ay kailangang dumalo sa party.

Dapat ay sumabay na ang kambal sa mga magulang sa pagluwas nang hapong iyon, pero pinangakuan kasi ni Lorcan ang mga ito na mamamasyal muna sila sa bayan bago umuwi. Ang

problema, binagyo sila sa San Luis.

“At nagrereklamo ba ang prinsesa?” taas-kilay na untag ni Flory.

“Tumahimik ka na kasi,” asik ni Dwayne sa kakambal.

“Pakialam ka d’yan, mahal na hari. Ikaw kaya ang tumahimik d’yan!”

“For crying out loud!” Si Tita Lucille. “Pakiusap naman, mga bata. We have an emergency here!”

“Sorry po, Tita,” halos magkasabay na sabi nina Dwayne at Divine. Mabilis na lumabas ng silid ang dalawa. Kabuntot ng kambal si Flory na may dalang isang emergency light.

Sa kabiglaan ni Lorcan ay kumilos din paalis si Tita Lucille.

“Hey, saan ka naman po pupunta, Tita?” habol niya sa babae.

“Look at her color. Sobrang pale na niya at halos blue na ang mga labi. She needs something hot to drink. Pupunta ako sa kusina para ipaghanda siya ng makakakain.”

“Tita, she is unconscious. Hindi siya makakakain.”

“Yun na nga, hijo. Hindi pa siya makakakain ngayon. But she will eat something when she wakes up.” Dumampot si Tita Lucille ng isang emergency light mula sa sahig.

“Ikaw na ang bahala sa kanya. Alisan mo na siya ng mga basang damit, including her undergarments. ’Tapos, kumutan mo siya. Makakapal naman ang blankets natin, three sheets will do. Then, tabihan mo siya. No need to hug her, tabihan mo lang—”

“Ha?” Parang namali ng dinig si Lorcan. Tatabihan daw niya ang babae?

“Yes, alisin mo muna ang mga basang damit mo, saka mo siya tabihan. Err, you have to get under the blankets beside her.”

“Ha?!” Si Lorcan uli. Napakunot-noo na siya sa kakatwang ideya.

“Sharing body temperature is one way to fix hypothermia. Alam mo ‘yan.”

“Tita Lucille...” Magrereklamo pa sana siya.

Pinamaywangan siya nito. “Ano ba, hijo? Gusto mo bang tulungan ang batang ito? Surely, sa dinami-rami ng mga naging girlfriend mo—na I bet mga nakasiping mo na rin—wala nang talab sa ’yo ang

katawan ng probinsyanang ‘yan.’”

“I believe Ayen ang pangalan niya? Kilala siya ni Ate Flory?” buntong-hininga ni Lorcan. “And Tita, my private affairs are none of your business. Sige na po, gumawa ka na ng mahihigop niya. Ako na ang bahala rito.”

Mabilis at maingat na nahubaran ni Lorcan si Ayen paglabas ni Tita Lucille. Pamilyar sa kanya ang babae. Nakikita niya ito sa bayan kapag nagbabakasyon siya sa San Luis noong mas bata pa siya.

Lorcan also remembered seeing Ayen riding her scooter that afternoon. She was well-suited for the cold weather. She was wearing a jacket, denim jeans and a pair of rubber boots. He didn’t see her face clearly because of the helmet she’s wearing. Pero naalala niyang napansin niya na maganda ang shape ng katawan ng babae kaya napatingin siya rito.

Gazing at Ayen’s face now, Lorcan realized that she was not bad-looking either. *Despite her blue lips, that is!*

Nagpaka-gentleman si Lorcan. Sa pagtatanggal ng mga basang kasuotan, kasama ang mga panloob ni Ayen ay sinikap niyang huwag itong tingnan. Binalot din niya kaagad sa kumot ang dalaga.

Nilalagyan niya ng pangatlong blanket si Ayen nang mapansin niyang tila hindi ito humihinga. Naalarma siya.

Sadyang kalmadong tao si Lorcan pero napatakbo siya sa may pintuan. Tinawag niya si Tita Lucille. Hindi ito sumagot. Siguro hindi siya rinig ng tiyahin. Sa labas kasi ng bahay ay patuloy pa rin ang ingay ng pagbuhos ng ulan at ugong ng hangin.

Nagpasya siyang na hubarin ang suot na basang polo shirt at slacks.

Nananaginip si Ayen. Nasa malamig raw siyang lugar na puno ng niyebe. Puting-puti raw ang paligid. Sosyal! Nasa Alaska yata siya!

Ang nakapagtataka, hindi siya nilalamig. In her dream, Ayen was wearing a two-piece bathing suit. It was really weird.

Biglang natunaw ang yelo sa paligid niya. Mabilis iyong lumikha ng isang lawa. Nahulog siya sa tubig at sa wakas ay nakadama siya ng ginaw.

Napabangon ang dalaga mula sa pagkakahiga. Aside from being out of breath, she was also shivering violently. Nadiskubre niyang nasa malaking silid na

uli siya. She was lying on a big bed with someone sharing her covers. *They were both naked!*

She was so shocked and confused, she wanted to scream. Unfortunately, she couldn't find her voice. Tila nag-freeze iyon sa kanyang lalamunan. Habang itinatakip ang isang kumot sa hubad na katawan, nagawa niyang bumaba mula sa kama.

Hindi naman siya nakalayo. She was still weak. Hindi pa man siya nakakarating sa pinto ay bumigay na ang mga binti ni Ayen.

“Stop!” Alarming ang boses ng lalaki na kung di siya nagkakamali ay iyong tinawag na ‘Lorcan’ ng kausap nito noong iligtas siya nito.

He was just surprised as her. His brown, gorgeous eyes were staring at her.

“Don't hurt yourself. I was only trying to help.”

Tumayo si Lorcan para tulungan siya. Napamaang si Ayen. Hindi dahil na-realize niya na ito iyong Mattsdoter na nakita niya nang hapong lumipas, kundi dahil nahulog ang kumot na tumatakip sa katawan nito.

His body looked amazing. Hindi kalakihan pero parang nililok, mukhang katawan ng isang atleta. His

legs and arms were well-toned. Nailayo ni Ayen ang mga mata nang mapadako sa tingin niya sa abdomen nito. The guy was practically wearing nothing like her.

Naramdaman ni Ayen na nag-init ang kanyang mga pisngi. Wala na rin pala siyang naitago sa lalaki?

Pumasok si Lucille sa silid. May dala itong isang tray. Isang bowl ng soup na umuusok pa ang laman ng tray.

Hindi man kilala nang personal ay naririnig ni Ayen ang pangalan ng babae sa bayan. Kapatid ni Art Mattsdoter si Lucille. Isa itong veterinarian. Ang alam niya ay sa Bicol ito nakatira, sa Naga City.

“Oh good, gising ka na, hija,” nakangiting bungad ng babae. Istriktong binalingan nito si Lorcan na mabilis na humagilap ng kumot para itakip sa sarili. “My God, hijo, put on something. ”Tapos, ikuha mo na rin ng puwedeng isuot si Ayen.”

Ipinaliwanag ni Lorcan ang tungkol sa body heat sharing. Wala na raw itong ibang choice dahil hindi siya humihinga kanina.

Habang humihigop ng sabaw ang babaeng nagpakilalang ‘Lucille’ ay tumangu-tango lamang si

Ayen bilang pang-unawa. But she really felt awkward about it. Obvious na nahihiya rin sa kanya si Lorcan. Hindi rin maalis sa kanyang utak ang hubad na katawan ng lalaki at ang ideya na hinubaran siya nito. Matagal siyang babangungutin ng mga kaisipang iyon.

Yet, Ayen was so grateful. Napakalaki ng utang na loob niya sa magtiya. Ayon sa dalawa, nakita siya ng mga ito na namihagis mula sa tulay papunta sa ilog. Pero inabot sina Tita Lucille at Lorcan ng fifteen minutes sa paghahanap sa kanya.

Ang sabi ng dalawa, swerte pa rin siya. Hindi tuluyang tinangay ng agos si Ayen. Napadpad siya sa gilid ng ilog, sa batuhan. Iyon nga lang, masyado siyang na-expose sa malamig na tubig.

Ang soup na inihanda sa kanya ni Tita Lucille ay may kakaibang lasa. Marahil ay dahil puro kakaibang dahon na di-pamilyar sa kanya ang mga sangkap niyon. Naging weird din ang pakiramdam niya. Gayunpaman, naging mas payapa at mas mahaba ang tulog ni Ayen.

Alas kuwatro na nang sumunod na araw nagising ang dalaga. Natagpuan niya ang sarili sa kanyang silid, sa bahay nila.

Sweet Concoction - Mae Isidro

Hindi niya namalayan na sinundo na pala siya nina Tita Aina, Tito Ryan at ni Lolo Bacio sa malaking bahay. She was so glad that her beloved grandfather was okay.

Sa ginawang pagtulong ng mga Mattsdoter sa kanya ay inasahan niyang magiging thankful ang kanyang Lolo Bacio sa inaayawan nitong pamilya. Nagkamali siya.

3

Grabe ang Lolo Bacio! sa loob-loob ni Ayen samantalang sakay ng scooter.

Natagpuan nina Tita Aina at Tito Ryan ang kanyang sasakyan sa ibabaw ng tulay noong malunod siya. Ayos naman ito kaya hindi siya nagdalawang-isip na gamitin ang motor.

Patungo siya sa bahay ng mga Mattsdoter nang hapong iyon. Hindi siya makapaniwala sa ginawa ng kanyang abuelo. Nakakahiya!

Nalaman lang niya na inaway ng kanyang Lolo Bacio ang mga Mattsdoter. Kinulam daw siya ng mga ito kaya hindi siya kaagad nagising noong makuha siya ng mga ito mula sa ilog.

Bitbit ang isang supot ng kanyang special cookies ay huminto si Ayen sa mismong harap ng gate ng malaking mansyon.

Si Flory ang bumungad sa gate. Umasim ang mukha ng babae pagkakita sa kanya. Hindi rin siya nito pinagbuksan ng gate.

“Uhm...” Alanganin si Ayen sa sasabihin. Halatang

galit ang babae sa kanya. “Puwede po bang makausap sina Sir o Ma’am Mattsdoter?”

“Wala na sila rito, nakaluwas na,” pagtataray ni Flory. “At kahit narito pa sila, hindi ka haharapin ng mga ‘yon. Wala kayong modo, wala kayong utang ng loob!”

Nanliit si Ayen; pinamulahan ng mukha sa hiya. “Naku, lolo ko lang naman po yata ang hindi nagsalita nang maganda. Pasensya na po, matanda na kasi. Hindi niya alam ang mga sinabi niya. Pero sigurado ko po na labis po ang pasasalamat ng tita at tito ko.”

Tiningnan ni Ayen nang direktso sa mga mata si Flory. “Ako rin po. Nagpapasalamat po ako nang sobra. Pasensya na po uli.”

Lumambot ang loob ng kasambahay sa kanya. “Kumusta ka na?”

Ngumiti ang dalaga. “Okay na po, para lang nanaginip nang masama.” Nang kumilos na paalis ay noon naman siya pinagbuksan ng gate ni Flory. Nakangiti na ang caretaker sa kanya.

“Mag-tsaa ka muna, Ayen.”

Kilala siya ni Flory dahil customer ito sa bakery ng tiyahin. Ito ang isa sa mga suki niya ng kanyang

mga special cookies. Kaya nga iyon ang dala niya para rito.

Iniabot ni Ayen ang baked goodies sa babae. “Salamat po. Bagay po ang mga dala kong cookies sa tsaa.”

“Wow, favorite! Salamat!”

Nanghinayang siya na hindi siya nakahingi ng paumanhin nang personal sa mga Mattsdoter. Habang nakauwi na sa Naga si Tita Lucille, si Lorcan at ang dalawang kapatid nito ay nasa Maynila na. Naibigay naman ni Flory ang address ng kompanya ng lalaki.

Ang cellphone number sana nina Tita Lucille o Lorcan ang gustong malaman ni Ayen. Gusto niyang tawagan ang isa man lang sa dalawa. Pero bawal daw. Confidential. Baka raw mapagalitan si Flory ng mga boss nito.

To her amusement, ang personal na buhay ng mga amo ang ibinahagi ni Flory. “Matandang dalaga ‘yang si Tita Lucille. Pero maraming pera. Kung hindi mga pasyenteng hayop ang inaatupag niyan, on-call siya lagi pagdating sa mga pamangkin at mga tiyahing matatanda.”

“Napakabait po pala ni Tita Lucille.” Si Ayen.

“Oo, napakapasensyosa pa. Sa kambal lamang ’yan walang sinabi. Grabe kasing mag-away ang mga ‘yun.” Kilala ni Ayen sina Divine at Dwayne sa pangalan, pero hindi pa niya nakikita ang mga ito.

“Nabanggit n’yo po na nandito lang sila n’ung naaksidente ako dahil may okasyon. Ano po pala ang sine-celebrate n’yo bago magbagyo?”

“Engagement party ni Lorcan at ng girlfriend niyang si Frances,” sagot ni Flory. “Ikakasal sila sa Oktubre ngayong taon.”

Naalala ni Ayen ang maputing babae na kasama ni Lorcan noong una niya itong makita. Frances pala ang pangalan ng babae. *Sosyalin pati pangalan!*

Sa hindi maipaliwanag na dahilan, nakadama siya ng panghihinayang. For one short moment, she imagined that she was standing beside Lorcan in a beautiful white gown. Pinangilabutan si Ayen! Hindi siya dapat na nag-iisip ng ganoon!

“Bakit parang pinamutlaan ka?” Nag-aalala si Flory.

“W-wala po. Siguro po dapat na akong magpaalam.” May problema kasi si Ayen. May bumabagabag sa kanya. But she was not sure if she should worry. It had been three days after her

accident. Since that peaceful sleep after eating Tita Lucille's soup, Lorcan had never left her dreams. Puwede namang coincidence lang iyon.

Nagmano si Ayen kay Lolo Bacio nang makabalik sa kanila. Masama ang loob ng matanda sa kanya.

“Nanggaling ka roon?”

“Humingi po ako ng paumanhin, Lolo.” May hinanakit sa tono ni Ayen. “Hindi mo po sila dapat na inakusahan. Galit daw ‘yung Lorcan.”

“Bastos at walang galang ang Lorcan na iyon. Si Flory ay kinulam nila kaya nagtitiyagang maging katulong sa kanila—”

“Lolo? Please po!”

“Kinulam nila si Rina kaya siya nagpakamatay!” paalala ni Lolo Bacio. Tumaas na ang boses nito.

Si Rina ay kaibigan ni Lola Joy na kapatid naman ni Lolo Bacio. Hindi masyadong kilala ni Ayen si Lola Joy dahil once in a blue moon lamang itong magpakita sa Pilipinas. Dating OFW ang babae pero nang makapag-asawa sa Amerika ay doon na ito namalagi. Ang sabi ng kanyang lolo, hindi maiwan ni Lola Joy ang asawang may sakit. Hindi niya tuloy

makumpirma rito ang sinasabi ng kuya nito.

Hindi magpapatalo si Lolo Bacio; igigiit nito ang gusto. Kaya si Ayen na ang sumuko. “Okay, Lolo. Sorry po. Hindi na mauulit ang pagpunta ko d’un. Puwede po bang umakyat muna ako sa kwarto ko? Masakit po kasi ang ulo ko.”

Kumalma ang matanda; na-realize yata ang pagsusungit. Napakadalang nitong magtaas ng boses sa apo dahil sadyang mahal na mahal siya nito. “Sige, hija. Pasensya ka na rin.”

Hindi nagsinungaling si Ayen nang sabihin niyang masakit ang kanyang ulo. Siguro ay dahil pagod lang siya.

Ang mga Mattsdoter, ayon sa mga kwento ng ilang matatanda sa San Luis, ay mga mangkukulam. Galing Ireland ang lineage ng mga ito at balita sa paggamit ng witchcraft sa banyagang bansa. Wala namang mga naging ebidensya. Pero matapos ang nangyari kay Rina forty years ago, nakumbinsi ang ilang residente ng San Luis na gumagamit nga ng black magic ang lahi ng Mattsdoter.

Ginayuma raw ng isang Mattsdoter si Rina—si Julien Mattsdoter. Naging dahilan iyon ng pagtalon sa *Arkong-bakal* ng babae. Naglaho at hindi raw nakuha

pa ang katawan ng babae sa ilog.

Maganda ang kaibigan ng lola niya. Minsan ay ipinakita ni Lolo Bacio ang larawan nito mula sa mga naiwang gamit ni Lola Joy. Iyon nga lamang, hindi ito mayaman di gaya ng mga Mattsdoter. Sa sapantaha ni Ayen, na-in love talaga si Rina sa Julien na iyon. Nang hindi nasuklian ang pag-ibig, hindi iyon natanggap ng babae kaya ito nagpakamatay. *Napaka-tragic!*

Nakatulog si Ayen na iniisip ang love story ng kaibigan ng kanyang Lola Joy. Gabi na nang magising siyang pawis na pawis.

Lalo pa iyong naging big deal nang madiskubre niya sa kanyang silid si Lolo Bacio. Alalang-ala ang ekspresyon sa mukha ng matanda.

“Tinatawag mo ang pangalan ng Lorcan na ‘yon, hija.”

Hindi kaagad nakaimik si Ayen. Hindi niya maitanggi sa sarili na napaginipan niya nga ulit ang binata. Parang ito na palagi ang laman ng kanyang isipan at alaala magmula nang kainin niya ang kakaibang soup ni Tita Lucille.

The dream was like a memory. Tanging ang boses lamang ni Lorcan ang naririnig ni Ayen sa panaginip. He was comforting her katulad ng sa alaala niya.

Pagkatapos niyon, makikita niya ang kulay brown nitong mga mata. He was staring at her with those sweet, wonderful eyes. At magpa-palpitate ang tibok ng kanyang puso. The feeling could be beautiful yet scary as if she was falling in love with Lorcan. Ang mas nakakatakot pa, parating ayaw na ni Ayen na magising sa panaginip na iyon.

“Diyos ko, kinulam ka na nga ng lalaking iyon!” naibulalas ni Lolo Bacio matapos niyang aminin ang tungkol sa mga panaginip.

Pinagsisihan ni Ayen ang ginawang pagtatapat sa abuelo dahil kinabukasan ay isang albularyo na ang ipinasundo nito kay Tita Aina.

“Hindi naman po yata ako nagayuma,” nakangiting tanggi niya kay Mang Teban, ang albularyong kakilala ng kanyang lolo.

“May kinain po akong soup na puro herbs ang ingredient. Pero wala naman po siguro iyong love potion. Hindi po ako gagawan ng masama ni Miss Mattsdoter.”

Kasing-edad ng Lolo Bacio niya ang albularyo. Nakornihan si Ayen sa sariling sitwasyon. Hindi siya makapaniwalang nadadawit siya sa isang panggagayuma.

“Si Lucille ba ’kamo?” Napamulagat si Mang Teban. “Kung gayon ay si Lucille ang kumulam sa iyo?”

“Hindi nga po ako kukulamin n’un. Mabait pong tao si Tita Lucille.”

Pero parang hindi nakikinig si Mang Teban sa kanya. Sa wari ni Ayen ay kapareho din ito ng Lolo Bacio niya na galit sa mayamang pamilya. Biased na ito kaagad kahit ano pa ang kanyang sabihin.

“Puwede ko siyang gamutin, Bacio,” baling ni Mang Teban sa lolo niya. “Alam ko ang gagawing oracion. Pero kakailanganin ko ng tatlong bagay. Buhok ni Lorcan Mattsdoter, isang pribadong gamit niya at ang kanyang luha.”

Napatawa si Tita Aina na noon ay katabi ni Ayen. Katulad niya, hindi rin naniniwala ang tiyahin sa kahibangan ng kanyang Lolo Bacio.

“Yung buhok po ba ay saan kukunin? Sa ulo po ba, sa kilikili o d’un sa ibaba? Saka private thing ba ika n’yo? Ano po ’yun, briefs? At luha? Anak ng pating! Paano natin paiiyakin si Lorcan?”

“Aina!” saway ni Lolo Bacio. “Kung hindi mo seseryosohin ang pamangkin mo ay umuwi ka na lang.”

Natutop ng ginang ang bibig at tumahimik. Pero nang muling bumaling si Lolo Bacio kay Mang Teban ay nginitian siya ng tiyahin.

Ayen also considered the idea as insanity. Hindi siya nagagayuma ng sinuman!

Pero sa loob ng ilang araw pang lumipas ay nagpatuloy ang mga panaginip. Natakot na si Ayen. Naniwala na siya na nakulam siya!

Isang sulat ang iniwan niya para kay Lolo Bacio, pinapaalam na magtutungo siyang Maynila. Si Tita Aina naman niya ay pinadalhan niya ng isang text message nang nasa byahe na siya.

Hinihintay ni Lorcan ang nobyang si Frances. It was past seven and she was late. Gutom na siya. Inaantok na rin ang binata kaya naglakad-lakad siya sa maluwang niyang opisina sa third floor ng *Everbelle*.

Mag-o-overtime sana ang binata para sa gagawin niyang presentation sa board meeting nila sa darating na Lunes pero nag-text ang nobya at sinabing mag-di-dinner daw sila.

He was a bit skeptical. Kaka-lunch lang nila nito

nang araw na iyon. Hindi pa niya nami-miss ang dalaga. Gayunpaman, umoo na rin siya.

One month pa lamang silang magkarelasyon ni Frances, pero ikakasal na sila sa October. At iyon ay tatlong buwan mula ngayon.

His parents were worried. They have a feeling that Lorcan's marriage proposal to Frances was arranged, and they could be right—but not entirely.

Business has been a big part of it. Pero willing sila pareho na makipag-cooperate para matutunan nilang mahal in ang isa't isa. Walang problema sa bahagi ni Frances dahil matapang na inamin ng dalaga na gusto siya nito. Sa panig ni Lorcan, gusto na niyang mag-settle down. Gusto na niyang magkaroon ng anak. He loved children—one reason why he had always tolerated his younger siblings. Pero gusto niya na magkaroon na siya ng sariling anak na mamahalin.

Pangalawa, twenty-eight na siya at nagsawa na siyang maging playboy.

Unfortunately, wala yata siyang swerte sa mga nobya. There was always that problem. Siguro ay dahil wala talagang babae para sa kanya.

With Frances, at least Lorcan could still win. Kung hindi man siya ma-in love sa babae, hindi lang

matutupad ang mithiin niyang magkasupling, mas mapapabuti rin ang business ng kanilang pamilya.

Frances' family was owning *Desiree Designer*— isang popular na brand ng damit para sa mga kababaihan. Nagkasundo sila ng papa ng dalaga na tutulungan nito ang *Everbelle*, ang cosmetic company na pag-aari ng pamilya nila. Ang *Desiree Designer* kasi ay global na. At kung magiging affiliated ang *Everbelle* dito ay magiging pang-international na rin sila.

Lorcan's father would be proud of him!

Nag-ring ang kanyang telepono. With long strides, he walked and picked up his phone from a sidetable. He was notified that Miss Francesca Alano had arrived. Paakyat na raw ito ayon sa guwardya.

Finally! inis na naisaloob ni Lorcan.

Mayamaya pa, pumasok na sa opisina niya si Frances. God, she was so hot in her red dress. Nag-uumapaw ang alindog ng nobya sa napaka-low neck nitong bestida. He could be the envy of every men.

Dapat sana ay matu-turn on si Lorcan, pero hindi. Bakit? Dahil gutom na siya.

“You are late... again.”

“Sorry, darling, traffic! Anyway, okay na pala

ang wedding gown ko. Sinamahan ako ni Mama kay Antoinette kanina.”

Ang huli ay isang sikat na gown designer na matalik na kaibigan ng ina ni Frances.

“So kaya ka na-late, pumili at nagpagawa ka na ng wedding gown?”

“No, we went to Antoinette after lunch. I got back to my office later at four this afternoon. Traffic lang talaga kaya na-late ako.”

Two blocks away lang ang layo ng Everbelle at Desiree Designer! sasabihin sana ni Lorcan. But Frances’s lips stopped him.

Hindi pa rin siya na-turn on. Gutom na nga siya!

Lorcan answered Frances’s kiss with a quick smack then, pulled her towards the door. “Saan tayo kakain? Hindi ako nag-snack so I am expecting—”

Lorcan stopped in mid-sentence. Isang pamilyar na babae ang natagpuan niya sa pintuan. May atraso ito sa kanya, but for some reason, he was delighted to see her.